Tatlong malalaking pakarera ng PHILRACOM ang naganap sa pista ng San Lazaro sa Carmona, Cavite. Una na riyan ang "3YO Locally Bred Stakes Race" na pinagwagian ni Jack Hammer at ginabayan ng hineteng si Unoh Hernandez. Sa karerang iyan ay buong buo na rumemate ang dala ni Unoh pagpasok sa rektahan matapos makapanood nang bakbakan sa unahan ang mga banderistang sina Probinsiyano ni Mark Alvarez at The Barrister ni Toypits Guerra. Pagdating sa huling 100 metro ng takbuhan ay naungusan na ni Jack Hammer ang nakaramdam na ng pagod na si The Barrister hanggang sa makarating sa meta. Tumersero si Filipino Emperor ni Jigger Paano at Kuwarto naman si Probinsiyano. Tumapos ang karerang iyan ng 1:43.6 (24'-24'-23'-29') para sa isang milya o 1,600 meters na distansiya. Sa sumunod na malaking pakarera ng PHILRACOM ay hindi na nag aksaya pa ng panahon si Deo Fernandez na unahan ang kanilang mga nakalaban sa idinaos na Hopeful Stakes Race. Pumangalawa ang panay ang habol sa kanya na si Disyembreasais ni Jordan Cordova at pangatlo si Hamlet ni Unoh Hernandez. Pumang apat naman ang dehadong si Tapster na inayudahan ng husto ni John Alvin Guce mula sa hulihan. Nakapagtala ng tiyempong 1:42.8 (24'-25'-25'-27') para sa 1,600 meters na takbuhan. Namayani sa pinakatampok na pakarera ng PHILRACOM na 1st Leg ng 2018 "Triple Crown Stakes Race" ang inaasahan ng karamihan na kabayong si Smart Candy na mahusay na sinakyan ng may gamay sa kanya na si Kelvin Abobo. Bagamat pipito lamang sila na naglaban sa karerang iyan ay naging mas kapana panabik pa ang kinalabasan dahil kakaibang aksiyon at taktika ang nangyari sa laban at pagdating sa huling diretsahan ay marami sa mga karerista ang biglaang napatayo sabay sigawan dahil sa pagkasulpot sa may tabing balya ni Victorious Colts ni Oneal Cortez na bahagyang lumagpas kay Smart Candy matapos magpagewang-gewang sa hakbang. Subalit sa agap ni Kelvin sa kanyang renda at pag ayuda ay muli niyang naipadiretso ang pagtakbo ni Smart Candy, kaya biglaang lagpas muli sila sa gawing labas at nagwagi pa ng may isa't kalahating kabayong agwat laban kay Victorious Colts. Para sa kumpletong datingan mula pangatlo ay sina Box Office, Wonderland, Speedmatic, Talitha Koum at Misha. Naorasan iyan ng mas mabilis na 1:41.6 (24'-25'-24'-27') para sa isang milyang distansiya.

# KARPINTERO NA NAGBEBENTA NG 'BATO' DEDO SA ENGKUWENTRO

**TANZA, Cavite — Dedo ang isang 50-anyos na karpintero na suma-side-line sa pagbebenta ng shabu nang nakipagpalitan ng putok sa pulisya sa isang buy-bust operation.**

Hawak na ng Tanza Municiapal Police Station (MPS) ang suspek na si Donato Masicap, alias "Nato", may-asawa ng Belvedere Subd., Brgy. Paradahan, Tanza.

Sa report ni PO3 Israel Villela ng Tanza MPS, dakong alas-3:30 ng

hapon nang naganap ang buy bust operation sa pagitan ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ang Tanza MPS at sa suspek sa kanyang bahay .

Nauna rito, nagpanggap na poseur buyer si SPO1 Roberto Lacasa at back-up nitong si PO1 Renelito Calapati, kapwa miembro ng SDEU Tanza MPS at

bumili sa suspek ng halagang P300 na shabu.

Subalit bago pa man naikasa ang "bentahan" ay natunugan ng suspek na pulis ang kanyang biniben-tahan kaya nagbunot ng baril at pinaputukan ang mga operatiba subalit gumanti ang mga pulis na nagresulta sa

pagkamatay ng biktima.

Narekober sa suspek ang isang kalibre 9mm, 8 sachet ng shabu at P300 cash na marked money.

Inamin naman ng pamilya ng suspek na bukod sa pagkakarpintero ay sumasideline ito sa pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot. **GENE ADSUARA**



**PGC's OPERATION TULI PROGRAM:** To continuously promote health and wellness among Caviteño youth, the Provincial Government of Cavite thru the OPG-Extension Office in partnership with the Provincial Health Office conducted another Operation Tuli in Amaya Elementary School in Barangay Amaya 1 in the municipality of Tanza on May 21, 2018. Seventy-five young males were circumcised for free by volunteer doctors and medical staff from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital and some trained personnel from OPG-Extension. Punong Barangay Tolentino C. Profeta together with some local officials and health workers assisted during the activity. — **(PICAD)**

# GenTri SK poll winners undergo mandatory training

**GENERAL TRIAS CITY, Cavite** – Sangguniang Kabataan (SK) elected SK chairpersons and youth council members in the recently concluded synchronized village and youth council elections undertook the SK Mandatory Training (SKMT) at two separate venues in Dasmariñas City.

Winners from this city's 16 barangays took their training at National College of Science and Technology (NCST) while the elected SK chairpersons and youth council members from 15 villages had theirs at JCKL Worship Center.

GenTri City Election Officer lawyer Armando Vencilao said the training was conducted by the Department of the Interior and Local Government (DILG) for newly elected SK officials pursuant to the SK Reform Act, or Republic Act 10742.

Under the SK reform law "any Sangguniang Kabataan official, whether elected or appointed or any member of the local youth development council (LYDC) must undergo the mandatory training programs before he or she can assume office."

Vencilao said that the DILG, together with the National Youth Commission (NYC), facilitated the training course to properly equip and capacitate the SK officials-elect with their mandates.

The SKMT course comprised three modules on the SK Reform Act and SK Functions and Duties; Rules and Regulations governing the Public Officials; and on SK as a partner in Nation Building, respectively.

The DILG handled Module 1 on the SK reform act, functions and duties; local institutes/academe on Module 2 and the Local Youth Development Office on Module 3.

"As a re-electionist, I am so grateful to be part of SK again. But this time, meron ng governing bodies para magturo at mag supervise sa SK. Unlike before na parang may sariling lipad," said Barangay Pasong Camachile newly-elected SK chair Jayvie Arisa Simpan.

Simpan said that she and her fellow elected youth leaders expect new programs that are attuned to the SK Reform Law.

"Hindi lang sa sports kundi sa iba pang sangay na kailangan ng mga kabataan. One thing pa, there is an assurance na magiging mas responsible and active ang mga SK ngayon than before. (It's not only in sports but in other areas that concern the youth sector. Another thing is that there is an assurance that the SK would be more responsible and active now than it used to be)," she added.

In March this year, the DILG-Cavite provincial office through Director Allan V. Benitez, signed a memorandum of agreement (MOA) with four local institutes (LRIs/Academe), namely De La Salle University-Dasmariùas (DLSU-D), National College of Science and Technology (NCST), Cavite State University (CvSU) Main and Naic campuses; as well as with the Liga ng mga Barangay (Villagers League) to undertake/spearhead the SKMT Training from May 16 to 26.

The remaining elected SK officials from the city's 2 barangays are currently undergoing their SKMT at NCST.

After the SKMT, the Federation Elections per City and Municipality will follow, before the newly elected SK officials will start their public service by 12:01pm on June 30, 2018. ***(with reports from Dennis Abrina Jr./PNA)***

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0999-3050106**

# Cara y cruz

DAANIN na lang natin sa toss coin tutal ay tabla naman tayo , cara ka ba o cruz?

Usapang eleksiyon pa rin tayo, medyo sariwa pa naman ang natapos na May 14 Barangay and Sangguniang Kabataan elections.

May mga ilang nagtatablang kandidato na idinaan na lamang sa toss coin kung sino sa kanila ang uupo sa puwesto.

Halimbawang ikaw na tie kayo ng iyong nakalaban, pabor o payag ka ba sa toss coin?

Sa dami ng ating nakausap, mas nakakalamang ang nagsabing hindi siya o sila payag.

Iisa ang kanilang katwiran, sayang naman daw ang pinagpaguran at pinaghirapan nila sa panahon ng pangangampanya.

Kumbaga ay mayroon daw silang karapatan upang magserbisyo sa kanilang barangay.

Kung tabla sila, payag naman sa toss coin pero hindi upang malaman sa kanila kung sino ang pupuwesto o manunungkulan.

Ibig sabihin ay pareho silang uupo o maglilingkod at sa pamamagitan ng toss coin kung sino sa kanila ang unang pupuwesto.

Maghahati sila sa termino at dadaanin sa toss coin, cara o cruz na.

Usap-usap pa nga kami, akalain mo bang banggitin nila na bakit hindi na lamang daanin sa cara y cruz ang pagkuha o pagpili ng opisyal ng barangay.

Wala ng halalan, sa halip ay isang asembliya ang ipapatawag o isasagawa.

Parang sa eleksiyon na ang mga botante ay papupuntahin sa polling precints pero hindi para bumoto.

Bagkus ay sasaksihan lamang nila ang isasagawang toss coin ng maglalabang mga kandidato.

Wala na nga namang gastos pa, wala pa ring napakaraming kalat na malilikha.

At higit sa lahat ay walang gulo o karahasan, walang masasaktan at lalung-lalo na walang mamamatay.

Nakakatawa o nakakatuwa ang usapan namin, pero mukhang may punto sila.

Sabi nila ay ganoon pa rin, maghahain ng certificate of candidacy sa Comelec ang bawat tatakbo.

Hindi na kailangang magpagawa ng tarpaulin, poster o ano mang campaign materials para ipabatid na sila ay kandidato.

Sa mismong assembly date ay doon lamang malalaman ng mga tao kung sinu-sino silang nagbabalak maging kapitan o kagawad ng barangay.

Sasaksihan ng pamunuan ng Comelec at iba pang sangay ng pamahalaan ang isasagawang toss coin.

Kung lagpas sa dalawa ang maglalaban para kapitan ay sa palabunutan gawin ang labanan dahil hindi naman uubra sa toss coin.

Nakakatawa hindi po ba? Kaya nga lamang sabi ko nga ay parang mas oks, hahaha.

Ano sa palagay ninyo? Cara ka ba o cruz?

# HANEP SHOWBIZ

# SHAMCEY SUPSUP: MAS MAINAM NA 'DI ALAM SINASABI NG MGA TAO

**BUNTIS na sa ikalawang pagkakataon si 2011 Miss Universe third runner-up Shamcey Supsup.**

Pero hindi tungkol sa kanyang ikalawang pagbubuntis nakatuon ang ating paksa.

May kinalaman ito sa kung si Shamcey ang tatanunungin ay mas maganda bang ang Pilipinas ang host ng Miss Universe coronation night ngayong taon?

Tugon ng beauty queen ay pabor o sang-ayon siya na hindi rito ito gawin sa ating bansa.

Ang katwiran ni Shamcey ay bawas pressure at stress para sa ating pambato kung ang pageant ay sa ibang bansa gaganapin.

Aniya, bukod sa focus ang attention ay full energy pa sa pagharap sa patimpalak.

Ibinatay niya ang kanyang ekspiryensa noong panahon na siya ay nasa Brazil.

Si Shamcey ay lumaban sa Sao Paolo, Brazil ng Miss Universe noong 2011.

Sabi niya that time ay hindi free ang wi-fi roon kaya madalang siyang makapag-internet.

Maganda naman dahil hindi siya gaanong nakakabalita o nakakarinig ng kaganapan o pangyayari sa bansa natin.

Dahil limitado sa internet kaya hindi niya masyadong alam ang mga sinasabi ng mga tao o ng mga kababayan natin.

Pero kapag nasa hometown nga naman, isang kibot o isang galaw lamang ay hayag kaagad.

Well, may punto naman si Shamcey at marahil ay maaaring i-apply ng ating pambato.

Ang Bicolana beauty at Miss World Top 5 finisher na si Catriona Gray ang pambato ng Pilipinas this year.

Pero malabo ng dito gawin ito sa Pilipinas base na rin sa pahayag ng bagong kalihim ng Department of Tourism na si Bernadette Romulo-Puyat.

Hindi na sa Pilipinas gaganapin ang 2018 Miss Universe pageant dahil hindi kaya ng budget ng gobyerno ang muling pag-host sa naturang kompetisyon.

January last year huling tumayong host ang Pilipinas sa Miss Universe.

Kinoronahan noon ang French beauty queen na si Iris Mittenaere bilang successor ng third Pinay titleholder na si Pia Wurtzbach.

Ayon naman kay Secretary Puyat ay may iba silang mga prayoridad na mahalagang bagay bukod sa hosting ng Miss Universe.

Nagselebra nga pala si Shamcey ng kanyang ika-32 kaarawan last May 16, Happy Birthday belated.

Tungkol naman sa pagbubuntis ay nasa ikaapat na buwan na ang sanggol sa kanyang sinapupunan.

Pero tila malaki ang tiyan ng beauty queen, pakiramdam niya ay nasa six months na ang kanyang pinagbubuntis.

Gayunman ay hindi naman kambal ang baby na nasa loob ng kanyang tiyan.

Dalawang taon at apat na buwan na ang panganay ni Shamcey sa kanyang mister na si Lloyd Lee.

Girl ang panganay ng mag-asawa, this time kaya ay boy na ang next baby?

Boy naman kaya lang ay ayaw maging kampante o magpakasiguro ng mag-asawa.

This week ang set ng ultrasound pero iyong first baby kasi nila ay boy ang lumabas na resulta kaya lang ay girl ang lumabas.

Ano man iyan, boy o girl, ay walang hatid ang labis na kasiyahan ng mag-asawa.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 66 labas)**

NAGSASALITA sa hangin si Kardo at tila pinakikiusapan ang kanyang hawak na cellphone.

"Sagutin mo na please, ano ka ba naman Lyka bakit 'di mo sinasagot ang phone mo?"

On the way na kasi si Kardo sa usapan nila nila kaya tinatawagan na niya si Lyka.

Nag-aalala rin si kapitan at baka wala na si Lyka sa kanilang usapan dahil atrasado na siya sa oras.

"Hahaha, ano ka ba naman sumasakit ang tiyan ko sa katatawa sa iyo ah."

Paanong makakasagot ng tawag si Lyka eh nasa masayang paksa ang kanilang kuwentuhan ng lalaki.

Kandaihi na nga si Lyka sa kakatawa kaya hindi namamalayan na panay ang ring ng kanyang cellphone sa bag niya.

"Niloloko mo na ako n'yan eh, 'di ako naniniwala sa 'yo. Naku eh ikaw pa, matun-maton ka nga noon ah."

Dahil tapos na nga si Lyka ay ang kanyang dating schoolmate naman ang nagkukuwento.

Hindi makapaniwala si Lyka sa mga sinasabi at ikinukuwento sa kanya.

Nagsabi ang lalaki na may sarili na siyang pamilya at mayroon na ring mga anak.

Batay sa kuwento ng lalaki ay animo'y 'tigasin' siya kapag nasa bahay.

Sa kabila na mayroon namang maayos na trabaho ang lalaki pero kapag walang pasok ay maraming ginagawa sa bahay.

Bagay na hindi mapaniwalaan ni Lyka na siya ay magiging sunud-sunuran sa misis nito.

"Ibig sabihin ay tiklop ka kay kumander? Hahaha, nawala pala ang pagiging maton o pagkasiga mo dati."

Brusko ang lalaki noon pa man at hanggang ngayon ay nakikita pa rin ang tikas nito.

Mas lalo pa ngang naging mukhang brusko at maton dahil lumaki pa ang katawan.

Kaya hindi maimadyin ni Lyka na ang lalaking ito ay nagagawang maglaba at mamalantsa.

Tinatanong ni Lyka ang dating kaeskuwela kung sino ba ang napangasawa nito.

"Kaya pala 'di mo sinasagot ang cellphone mo kasi nakikipagharutan ka lamang sa lalaking 'yan."

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-65 labas)**

" EH ano ngayon kung abogado na si Dagul, wala din namang magagawa 'yun."

"Bagitong abogado pa lamang 'yun, napakarami pang bigas na kakainin 'nun."

Nasa loob ng isang Chinese restaurant si Dagul at hinihintay ang kanyang kausap.

Narinig niya ang pagkakabanggit sa kanyang pangalan mula sa kabilang table.

Nasa kabilang lamesa ang isang grupo ng lalaki na kung susuriin ay mukhang mga goons.

Nagtataka si Dagul kung bakit nabanggit ang kanyang pangalan.

Nakakatiyak si Dagul na siya ang tinutukoy ng mga lalaki dahil sa pagkakabanggit na bagong abogado.

"Kahit abogado na s'ya ay wala na s'yang magagawa pa sa kaso ng kanyang tatay."

Sa pagkakabanggit ng katagang tatay ay doon mas lalong nagkainteres si Dagul upang pakinggang maigi ang pinag-uusapan ng grupo.

Inihanda ni Dagul ang kanyang cellphone at humahanap ng tiyempo para makuhanan ng video ang mga lalaki.

"Dalawa tayong sumaksak noon 'di ba sa pakilamerong kargador na 'yun."

Isa sa gurpo ang diretsahang nagsabi ng krimen na nagawa noon at itinuturo pa ang isang lalaki na kasama sa pagpatay.

Hindi nakaligtas sa video ng cellphone ni Dagul ang pagsasalitang iyon ng isang lalaki.

Maging ang ginawang pagturo ng lalaki sa isa pang lalaki ay nakuhanan ni Dagul ng video.

Ang lalaking unang umamin na sumaksak sa ama ni Dagul ang hinarang ng kanyang tatay.

May babaing biktima ng pagnanakaw na humihingi ng saklolo.

Sa pag-aakala ng ama ni Dagul na isa lamang ang magnanakaw ay hindi ito nag-atubiling sumaklolo.

Tinulungan ng tatay ni Dagul ang babae at hinarang ang magnanakaw.

Kung manu-mano lamang kahit may dalang patalim ang lalaki ay kayang-kaya ng ama ni Dagul.

Iyon nga lamang ay hindi inakala ng tatay ni Dagul na may iba pa pala itong kasama.

Nahirapan sila sa manu-mano kaya ginamitan ang ama ni Dagul ng panaksak.

"Si Goryo lamang ang tanging nakakita sa pangyayari at kung paano natin sinaksak ang tatay ng Dagul na iyon."

May binanggit ang grupo na isang pangalan na pilit inaalala ni Dagul kung sino ang Goryo na iyon.

(Sundan)

## CLASSIFIED ADS

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**







**PGC'S OPERATION TULI:** Thankful mothers in Barangay Pag-asa I, Imus City accompanied their children at Tinabunan Elementary School for another free circumcision project of the provincial government of Cavite held on May 17, 2018. Barangay Chairman Samboy Camama together with some local officials, health workers and Rotary Club of Cavite East President Val Guzman contributed to the success of the outreach event wherein almost fifty (50) young boys benefited. They also expressed their appreciation to Governor Boying Remulla for the continuous assistance specifically in promoting health and wellness among their constituents. — **(PICAD)**




**Aries---(Marso 21- Abril 19)**
Mayroong offer na darating sa iyo subalit bahagyang magugulo ang takbo ng iyong buhay sa sandaling magkamali ng pagpapasya. Maging manapaliksik at makailang beses mag-isip upang walang pagsisihan.

**Taurus---(Abril 20- Mayo 20)**
Humingi ng tawad sa taong iyong nagawaan ng kasalanan para magkaroon ka ng peace of mind. Huwag isipin at pairalin na mas edukado ka keysa sa kanya sa halip ay magpakumbaba ka na lamang. Naghihintay lamang siya sa iyong paglapit..

**Gemini---(Mayo 21- Hunyo 21)**
Kumbinsihin mo ang iyong partner sa buhay na baguhin ang ilang hindi magaganda niyang asal o pag-uugali. Hindi porke mahal mo siya ay 'bow' ka na lamang palagi sa kanya sa halip ay kailangang tulungan mo siya na makita at malaman mga kamalian niya.

**Cancer---(Hunyo 22- Hulyo 22)**
Matuto kang tumupad sa iyong mga binitawang salita at hindi iyong puro pangako na lamang sa iyong kapwa. Mararanasan mo ang pakiramdam ng palagi na lamang pinapaasa kapag ikaw ay hindi ganap na nagbago sa ganyang ugali mo.

**Leo---(Hulyo 23- Agosto 22)**
Iwasan ang pagdudahan ang iyong minamahal dahil magiging mitsa ito ng inyong posibleng paghihiwalay. Wala kang dapat alalahanin dahil ang iyong minamahal ay tunay ang pag-ibig na ibinibigay at ipinararamdam sa iyo.

**Virgo---(Agosto 23- Set.22)**
Kulang ka lamang sa tamang pakikipag-usap at pagpapaliwanag kaya hindi ka naiintindihan ng bawat nakakasalamuha mo. Subukin mo na idaan sa sulat ang iyong nais na maipahayag at iabot mo sa taong nais mong maintindihan ang iyong gustong ilahad.

**Libra---(Set.23 – Okt.23)**
Matalino ka subalit hindi mo ginagamit sa wasto ang iyong taglay na dunong. Huwag mong ipilit ang iyong sarili sa hindi naman akma o angkop sa iyong karunungan. Hindi porke matalino ka ay ikaw na ang mahusay dahil magkaiba ang mayroong angking skill at abilidad sa ibang mga gawain.

**Scorpio---(Okt.24 – Nob.21)**
Babalikan ka ng isa sa mga dating nakarelasyon mo sa panahon na malaya ang iyong puso. Huwag magpatumpik-tumpik dahil malaki na ang kanyang pinagbago at magiging masaya ang inyong second love affair. Nakasalalay pa rin sa iyo ang magiging takbo ng inyong pagsasama.

**Sagittarius---(Nob.22 – Dis.21)**
Isa sa mga kasama at kaibigan mo ang iyong pinaghihinalaan na mayroong maling ginagawa sa inyong barkada o tropa. Huwag padalus-dalos sa paghuhusga bagkus ay kailangan mong lumikom at makakuha ng mga ebidensiya bago mo isiwalat sa inyong tropa.

**Capricorn---(Dis.22 – Enero 19)**
Itigil mo na ang madalas na pag-aalibi o dahilan na masama ang iyong pakiramdam para lamang makaiwas sa mga inuutos sa iyo. Maaari ka namang tumanggi basta magsabi lamang ng tama at totoo kaysa ginagawa mong dahilan ay may sakit ka na baka dapuan ka nga.

**Aquarius---(Enero 20- Peb.18)**
Matagal kang nabakante bago muling makakapasok ng trabaho sa tulong ng iyong kaibigan. Maninibago ka sa mga unang araw pero tandaan na huwag kang susuko dahil may hinaharap ka sa trabahong ito. Isa pa ay hindi mo dapat pahiyain ang kaibigang tumulong sa iyo.

**Pisces---(Peb.19 – Marso 20)**
Huwag mong bigyan ng sakit ng ulo ang iyong mga magulang na nagpapakahirap para mapag-aral ka. Makabubuting iwasan at layuan ang kasalukuyang mga kasama mo dahil hindi sila ang tunay na mga kaibigan sa halip ay sa kasamaan ka pa nila mahihikayat.

# CALABARZON HEALTH WORKERS GETS SURPRISE DRUG TEST

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) yesterday have conducted a surprise random drug testing (RDT) activity among employees of the regional office located at the Quirino Memorial Medical Center Compound in Project 4, Quezon City.**

"Substance abuse contributes to significant interruption in the country's workplaces. It is the leading cause of absenteeism, tardiness, and on-the-job injuries. Even with our government's effort to curb drug problem, still there are those who persistently use illegal drugs," Regional Director Eduardo C. Janairo stated during the opening of the RDT activity.

"A drug-free workplace fosters productivity, promotes safety, improves one's performance and the company as a whole," he added.

RDT is still the most effective type of drug screening to enhance workplace safety. Urine test is used to detect drug users because it is easy to administer, cost efficient, publicly accepted and already proven effective.

Janairo stressed that RDT activities are done in support to Republic Act 9165, also known as the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 mandates the development of drug free policies, programs and enforcement of penalties for drug related crimes and CSC Memorandum Circular No. 13, series of 2010 entitled 'Guidelines for a Drug-free Workplace in the Bureaucracy. "Also

The RDT activity is a joint effort of the DOH-CALABARZON Regional Office, the Dangerous Drug Board (DDB), the National Research Laboratory, the Dangerous Drugs Abuse & Prevention & Treatment Program (DDAPT).

"This activity is also in response to the intensified anti-drug campaign of our government in eliminating illegal drugs and eradicating drug users in the government service, especially in the health sector." Dr. Janairo emphasized.

The surprise RDT activity targeted 300 employees of DOH-CALABARZON.

According to 2015 survey conducted by the Dangerous Drug Board (DDB), there are 1.8 million estimated drug users in the country.

Age of drug users ranges from 10-69 years old. Most users are male, in their 30s, single, unemployed, high school graduate and commonly found in urban areas.



ISINAGAWA ang biglaan o sorpresang drug test sa mga kawani ng DOH-CALABARZON pagkatapos ng kanilang flag ceremony. **BOY NAMORA**

The most commonly abused drugs in the Philippines includes marijuana, shabu (methamphetamine), heroin, cocaine, opium, ecstasy and inhalants such as rugby.

## 7 Pribadong ospital, susuporta sa medical assistance para sa mahihirap

SUPORTADO ng pitong pribadong ospital ang pagkakaloob ng serbisyo medikal para sa mga mahihirap sa ilalim ng Medical Asistance for Indigent Program (MAIP) ng Department of Health (DOH) – CALABARZON's (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon).

Kabilang sa mga ospital na tumugon sa panawagan ng DOH-CALABARZON ay ang NL Villa Memorial Medical Center, Mary Mediatrix Medical Center,

Metro Lipa Medical Center, San Antonio Medical Center of Lipa, Inc, Divine Love General Hospital, Lipa Medix Medical Center and the Lipa City District Hospital, pawang sa Lipa City, Batangas.

Sa ilalim ng kasunduan, ang mga pribadong ospital ang siyang

mangangasiwa sa pagbibigay serbisyo medikal sa isang kuwlipikadong pasyente hindi lamang para sa mga mahihirap kundi maging sa mga may

kaya na sa kabila ng may kakayahan silang magbayad ay nangangailangan din ng tulong kung saan nakasaad ito sa "Universal Health Care

Program".

"Under the MOA, public hospitals shall administer appropriate treatment to qualified patient not only indigents but also those in the middle and upper class. "We will be providing 100 % medical assistance to all, even to those who are considered wealthy because they too spend

much to health care and also in need of assistance. Indigent and

wealthy patients are still Filipinos and they are also entitled to medical assistance under the "Universal Health Care Program", ayon kay

Janairo.

Ang "Memorandum of Agreement" ay isinagawa sa pagitan ng DOH-CALABARZON at ni Congresswoman Vilma Santos-Recto at mga

representative mula sa pitong health facilities ng lone district ng Lipa, City, Batangas.

Pangangasiwaan naman ang tanggapan ni Regional Director Eduardo C. Janiaro ng DOH- CALABARZON ang bayarin sa mga pribadong ospital upang

matiyak na tuluy-tuloy na matutugunan ang pagkakaloob ng serbisyong medical. **GENE ADSUARA**

## Aklat tungkol sa pagiging diplomat ni Mariano Ponce inilunsad

LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) — Magkatuwang na inilunsad ng National Library of the Philippines at ng Provincial History, Arts & Culture and Tourism Office ang aklat na nagtatampok sa pagiging isang diplomata ni Mariano C. Ponce.

Pinamagatang "Mga Naging Hintuan ni Mariano Ponce sa Paglalakbay", ito ay iniakda ng Bulakenyong historyador na si Jaime Veneracion.

Ayon sa kanya, si Ponce ang nagbukas ng diplomatikong relasyon ng Pilipinas at Japan nang hirangin siya ni Pangulong Emilio Aguinaldo bilang sugo sa ilalim ng Unang Republikang pinasinayaan sa simbahan ng Barasoain.

Ang pagiging sugo ay katumbas ng posisyong ambassador sa kasalukuyang balangkas ng mga tungkulin sa pagiging isang diplomata. Nanunungkulan si Ponce bilang sugo mula 1899, ang taon na naging Republika ang Pilipinas, hanggang sa taong 1903 o halos limang taon.

Pangunahing pakay ng unang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Japan ay upang makabili ng mga karagdagang armas at iba pang ayudang pandigma. Matatandaan na sa panahon na siya'y sugo ng bansa sa Japan, bagama't isa nang Republika ang Pilipinas ay nandoon ang malaking banta ng pananakop ng mga Amerikano matapos bumagsak ang pamahalaang Kastila.

Partikular na nanatili si Ponce sa Yokohama kung saan dito rin niya nakilala si Sun Yat-Sen na siyang nagtatag ng Republika ng Tsina. Sina Ponce at Sun ay kapwa mga doktor at bautismosadong mga Katoliko.

Ang pagkakakilala at pagiging malapit ng dalawa ay nakatulong upang madaling maisuplay sa Pilipinas ang mga armas na kailangang-kailangan ng tumitinding rebolusyon sa bansa.

Sa kanyang mensahe sa naturang paglulunsad, sinabi ni National Library of the Philippines Director Cesar Gilbert Adriano na matututunan kay Ponce na pwedeng makipag-ugnayan sa ibang bansa na hindi tinatalikuran ang sariling kultura.

Patunay dito aniya na napaibig at naging asawa niya ang Haponesang si Okiyo Udanwara sa pamamagitan ng isang uring panliligaw na Pilipino.

Ang naturang paglulunsad ay bahagi ng mga aktibidad sa paggunita ng buong bansa nitong Mayo 23 ng ika-100 taong anibersaryo ng kamatayan ni Ponce na taga bayan ng Baliwag. (CLJD/SFV-PIA 3)



SINALAKAY ng mga tauhan ni FDA Regulations Enforcement Unit (REU) OIC Ret. General Allen Bantolo ang isang medical clinic na sinasabing nagbebenta ng mga repacked at hindi rehistradong mga gamot na gaya ng antibiotics atbp. Sa isinagawang inspeksyon ng raiding team kasama sina CIDG-SPD PSI Rabenal ll at kanyang operatiba ay nadiskubre ang bulto ng kahon ng mga physicians/sample medicines na posibleng ibinibenta rin sa mga pasyente na ipinagbabawal sa batas. Nakumpiska sa nasabing operasyon ang mga hindi rehistradong gamot na ibinibenta sa klinika sa kabila ng mahigpit na pagbababwal ng ahensya dahil sa ito ay walang lisensyadong pharmacy sa pagsalakay sa klinika sa Guadalupe Makati base sa direktiba ni FDA Director General Puno. **(BRIAN BILASANO)**

# 7 KATAO, ARESTADO SA BUY BUST SA BACOOR CITY

**PITO katao ang arestado sa isinagawang buy bust operations sa Bacoor City, Cavite.**

Sa report ni SPO1 Ferdinand Lopez Cruz ng Bacoor City Police Station, dakong ala 1:00 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operations.

Isinagawa ito batay sa pinagsanib na puwersa ng Bacoor City Police Station at PDEA sa St. Francis St., Mary Homes Subd., Brgy. Molino 4, Bacoor City.

Kinilala ang mga naaresto na sina Michael Salac, 30: Roselyn Guillermo, 28; Regidor Puno, 40, Leo Tanola, 39, pawang residente ng Mary Homes Subd., Molino 4; Junmarco Castro, 37; Maichelle Balmes, 36, pawang residente ng Salawag, Dasmarinas City, Cavite at Dariel Cervancia, 18 ng Molino.

Nakuha sa pag-iingat ng mga suspek ang sachet ng hinihinalang shabu, cash at drug paraphernalias.

Samantala, isang lalaki na nakumpiskahan ng tinatayang P5 milyong halaga ng shabu ang arestado sa isingawang buy-bust operation sa Dasmarinas City, Cavite.

Ang suspek na si Mohammad Salvador Ontil ay arestado sa pinagsanib ng puwersa ng Cavite Provincial Drug Enforcement Unit at PDEA Calabarzon sa Area 1 Barangay H2, Dasmarinas.

Nakuha sa kanyang pag-iingat ang isang kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng P5 milyon, dalawang tig P500 (genuine money), bugkos na boodle money at isang cellular phone. **GENE ADSUARA**

# Tricycle driver at mga pasahero sugatan nang maararo ng trailer truck

KRITIKAL ang driver habang bali ang kaliwang binti at kanang braso ng mga pasahero nito at magkayupi-yupi ang sinasakyang tricycle nang araruhin ng isang trailer truck sa Noveleta, Cavite.

Sinusulat ito ay kritikal at wala pang malay habang ginagamot sa Divine Grace Hospital si Michael Encinares, 38, binata, tricycle driver, habang bali naman ang binti at braso nina Marvin Abordo, 41, call center agent at Raian Ruiz, 24, may-asawa, pawang residente ng Isla Andaya, Binakayan, Kawit, Cavite na ginamot din sa nasabing ospital.

Naaresto naman ang driver ng Hino trailer truck na si James Lodia, 38, may-asawa ng Canaynay Road, BF Martin Ville, Las Pinas City.

Sa report ni PO2 Rode Abutin ng Noveleta Municipal Police Station, dakong 3:00 ng madaling araw nang naganap ang insidente habang minamaneho ni Encinares ang kanyang tricycle lulan sina Ruiz at Abordo sa national road ng Brgy., San Antonio 2, Noveleta.

Binabagtas ni Encinares ang naturang lugar naturang lugar sakay ang iba pang biktima subalit pagsapit sa Sta Rosa Flyover nang masagi ng

isang trailer (plaka di nakuha) ang kanyang tricycle.

Dahil sa lakas ng pagkakasagi, ay tumilapon ang motorsiklo at sakay nito sa kabilang lane ng kalsada at siya naman pagdating ng isang Hino trailer truck (493439) na minamaneho ni Lodia at araruhin nito ang motorsiklo na nagresulta sa matinding pagkayupi nito.

Nakatakas ang driver ng trailer truck habang naaresto naman ang driver ng Hino trailer truck. **GENE ADSUARA**

# Sales associate, hinampas ng bato sa mukha ng binata

Basag ang mukha ng isang 28-anyos na sales associate ng hampasin ng tipak ng bato ng suspek sa Bacoor City, Cavite.

Ginamot sa Bacoor District Hospital ang biktimang si Joana Marie Verceles, ng 35 Narra St., Phase 2, Villa Esperanza, Brgy., Molino2 Bacoor City dahil sa tinamong sugat sa muka.

Naaresto naman ang suspek na si Lonito Baluyo Jr., 19 ng 39 Narra St., Phase 2, Villa Esperanza, Brgy., Molino2 Bacoor City.

Sa report ni PO1 Marvin Rae Calaor ng Bacoor City Police Station, dakong alas-8:00 ng gabi nang naganap ang insidente sa Phase 2 Villa Esperanza, Brgy., Molino 2.

Naglalakad ang biktima pauwi malapit na sa kanilang bahay nang lapitan ng suspek at walang sabi-sabing hinampas ang mukha nito ng isang

tipak na bato.

Tinangka ng suspek na tumakas subalit naaresto ito na kapitbahay lang ng biktima.

Inaalam pa ng pulisya kung ano ang motibo sa insidente. **GENE ADSUARA**

# Motor rider, tigbak sa pag-over take

PATAY ang isang 28-anyos na mekaniko nang mabangga nito ang isang nakaparadang truck habang nagpapalit ng gulong ang driver nito sa Gen. Trias City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Gen Tri Doctor's Hospital ang biktimang si Darel Lasconia, 28, binata ng Brgy. Buenavista 3, Gen. Trias City dahil sa matinding pinsala sa katawan.

Kinilala naman ang driver na si Benefredo Villagracia, 54 .may-asawa ng Country Meadow, Brgy San Francisco, Gen Trias City.

Sa report ni PO2 Aries C. Mendoza ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-8:00 ng gabi nang naganap ang insidnete sa Arnaldo Highway, Brgy., Santiago, Gen Trias City.

Nauna rito, minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklo (walang plaka) sa direksiyon ng Governor's Drive nang tinangka niyang mag-overtake sa isang nakaparadang Rebuilt AVU (DSE 646) kung saan nagaayos ng gulong ang driver nito.

Gayunman, pag-overtake nito sa kanang direksiyon nang sumabit ito sa kanang bahagi ng truck dahilan upang tumilapon ng ilang metro.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit namatay din habang ginagamot.

Ang bangkay ng biktima ay inilagak sa Herald Funeral Service para sa safekeeping at awtopsiya. **GENE ADSUARA**

# Mabilis magpatakbo, semplang sa semento

HINDI na nakarating sa kanyang pupuntahan ang isang 34-anyos na binate nang gumulong ang katawan nito sa semento dahil sa mabilis umano nitong pagmamaneho ng kanyang motorsiklo sa Imus City, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Emergency Medical Services ang biktimang si John Hilbert Andrew Castillo ng Block 5 Lot 21, Mathew Sacred Heart Village, Quirino Ave., Caloocan City sanhi ng matinding pinsala sa ulo at katawan.

Sa report ni SPO2 Romar Villar Sinnung ng Imus City Police Station, dakong 7:00 ng umaga nang naganap ang insidente sa Daang Hari Road, Brgy., Pasong Buaya 1, Imus City.

Ayon sa hindi nagpakilalang kasamahang riders ng biktima, kapwa binabagtas ang kahabaan ng nasabing lugar habang minamaneho ng una ang kanyang Yamaha Mio Sporty na motorsiklo (3766 UI) sa direksiyon ng Aguinaldo north bound nang hindi umano nakontrol ng biktima ang hanggang na nagpagewang-gewang at bumagsak ang katawan nito kung saan tumama ang ulo sa semento na nagresulta sa kanyang kamatayan. **GENE ADSUARA**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



## Obligasyon mo

TUMAKBO ka ba nitong nakaraang barangay at Sangguniang Kabataan elections?

Baka mayroon kang nalilimutan na obligasyon mo o kinakailangan na dapat mong gawin, nanalo o natalo ka man.

Hindi nagkukulang ang Commission on Elections sa pagpapaalala para sa pagsusumite ng Statement of Contributions and Expenses (SOCE) sa lahat ng kumandidato.

Kung nakakalimot ka, ang huling araw ng submission ng SOCE ay sa Hunyo 13.

Lahat ng kandidatong naghain noon ng certificate of candidacy ay obligado rito.

Para sa inyong kaalaman ay available naman po ang SOCE forms sa website ng Comelec.

Sa mga hindi pa nagsusumite, ano pang hinihintay ninyo habang may panahon pa at baka maasunto pa kayo.

DUE PROCESS

Mula 2015 hanggang 2017 ay umaabot na sa 2,000 pulis ang mayroong dismissal order batay sa rekomendasyon ng Internal Affairs Service.

Sa bilang na ito ay nasa 30 porsiyento pa lamang ang naipapatupad ng Philippine National Police.

Wala pa sa kalahati, naglalaro lamang sa bilang na 600 ang naparusahang pulis.

Ang paliwanag ng PNP kaya natatagalan ang pagpapatupad nito ay bunga ng tinatawag na 'due process.'

Siyempre ay ibinibigay ang pagkakataon sa mga pulis na nasa talaan para idepensa ang kanilang mga sarili sa kabila na may rekomendasyon na upang sila ay itiwalag sa serbisyo.

PASUKAN NA NAMAN

Kasado na ang pamunuan ng Department of Education sa pagbubukas ng klase ngayong Hunyo 4.

Paalala lang sa lahat ng estudyante na ituon lamang ninyo ang inyong sarili at atensiyon sa pag-aaral.

Pumapasok kayo sa paaralan upang matuto dahil ito ang inyong hagdanan para sa inyong pinapangarap.

Hindi naman masama ang sumama sa grupo o barkada o ang pakikipagkaibigan basta tiyakin lamang na ang inyong pipiliing kasama o kaibigan ay sa kabutihan kayo aakayin at hindi sa kasamaan.

"Malinis Masarap, Laging Bago"
PING-PING Lechon & Rest. Inc.
Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services
Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622
Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668
Look for:
Bong or William

